



COVID-19: Paglipat sa Child Care Subsidy

Ang Early Childhood Education and Care Relief Package (Pantulong na Pakete) ay pinatagal pa hanggang 12 Hulyo 2020 upang panatilihin tumatakbo ang mga serbisyo at upang magbigay ng pangangalaga sa mga pamilya ng mga manggagawang kailangang-kailangan at sa walang-kayang mga bata.

Ang Child Care Subsidy (CCS) at Additional Child Care Subsidy (ACCS) ay muling pasisimulan simula sa 13 Hulyo 2020, kasama ng pinaluwagang activity test para sa mga pamilya at sa bagong Transition Payment para sa mga provider. Nangangahulugan ito na simula sa 13 Hulyo 2020, ang mga magulang ay babalik sa pagbibigay ng kanilang kontribusyon sa mga bayad para sa child care (pangangalaga ng bata).

Ang mga pamilya na ang mga oras ng gawain ay nabawasan dahil sa COVID-19 ay makaka-access sa hanggang 100 oras ng may salaping-tulong (subsidy) na child care kada fortnight (dalawang linggo) hanggang 4 Oktubre 2020. Upang ma-access ito, ang mga pamilya ay dapat mag-update ng mga antas ng kanilang mga gawain sa Services Australia. Ito ay magagawa gamit ang kanilang [Centrelink online account](#) sa pamamagitan ng [myGov](#) o sa [Express Plus Centrelink mobile app](#).

Dagdag pa, ang isang Transition Payment ay gagawin sa lahat ng aprubadong mga provider na tumanggap noon ng CCS, kabilang ang mga serbisyong pinatatakbo ng mga pamahalaang estado, teritoryo at lokal.

Ang mga Transition Payment ay 25 porsyento ng kinita ng mga provider mula sa bayad ng mga magulang, o sa umiiral na cap sa bayad kada ora, alinman ang mas mababa, sa nauugnay na panahong tinutukoy. Ito ang mismong panahong tinukoy na ginamit sa panahon ng Relief Package (ang fortnight bago dumating ang 2 Marso 2020, at para sa mga serbisyong nagbigay lamang ng pangangalaga sa bakasyon (vacation care) sa panahong nakapagitan sa Term 3 at Term 4 noong 2019).

Ang mga Transition Payment ay gagawin para sa panahong 13 Hulyo 2020 hanggang 27 Setyembre 2020.

Upang tumanggap ng Transition Payment, dapat ipagpatuloy ng mga serbisyo ang pagka-employo ng mga kawani na nagtrabaho o nabayaran ng JobKeeper sa katapusan ng Relief

Package. Dapat ding panatilihin ng mga serbisyo ang parehong singil na bayad sa nauugnay na panahong tinutukoy (gaya ng nasa itaas).

Ihinto ang Jobkeeper mula 20 Hulyo 2020 para sa mga empleyado ng aprubadong serbisyo ng CCS, at para sa mga sole trader (may solong sariling trabaho) na nagpapatakbo ng isang serbisyong child care, o nagbibigay ng edukasyon at pangangalaga para sa mga provider ng child care.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [webpage](#) ng Kagawaran ng Edukasyon mga Kasanayan at Trabaho, o sa COVID-19 [Frequently Asked Questions](#) (Mga Madalas Itanong) sa Early Childhood Education and Care.

Maaari ka ring mag-[subscribe](#) (magsuskribi) sa email newsletter ng early childhood education and care ng kagawaran.